

## 1. Paala-ala mula sa munisipiyo ukol sa bayarin sa pagkuha ng sertipikasyon.

May pagbabago sa mga bayarin sa pagkuha ng mga dokumento sa Cityhall.

Ito ay magmula umpisa ng Pebrero sa susunod na taon at hinihingi ang pag-unawa ng lahat. Halimbawa, sa Shimin Seikatsu Section na kung saan kinukuha ang mga dokumento gaya ng Residential Certificate o Juminhyo ganun din ang sertipikasyon para sa personal seal o ang Inkan Shomeisho at iba pa ay magiging 300yen na mula sa kasalukuyang 200yen.

Sa Shiminzei Section naman ang pagkuha ng sertipikasyon para sa Tax Payment, Income Tax at Residential Tax at iba pa ay magiging 300yen na rin mula sa kasalukuyang 200yen.

Sa counters ng Shimin Seikatsu Section ay mayroon ng itinalagang interpreting machines para sa mga hindi makapag salita ng Nihonggo. Kaya panatag po nating gamitin ang mga ito sa ating pagpunta sa munisipiyo.

## 2. Tungkol sa Consumption Tax para sa bayarin sa Tubig at Sewerage Fee.

Dahil sa pagtaas ng Consumption Tax ngayong umpisa ng buwan, ang bayad sa nakunsulmong tubig at sewerage fee ngayong Oktubre ay tataas na rin ang consumption tax nito mula 8% sa 10%.

Ang konsulmo sa metro ng tubig bago ika-30 ng Setyembre at nalaman lamang sa umpisa ng Oktubre ay 8% pa ang Consumption Tax nito.

Subalit ang iniinom na mineral water na klasipikadong kasama sa mga pagkain ay mananatiling 8% pa rin ang buwis nito ngunit ang tubig na galing sa gripo na ginagamit sa pagluto ng pagkain, pag-inom, pagpapaligo o paglalaba ay tataas na ang consumption tax nito sa 10% .

### 3. Ang libreng pagsusuri tungkol sa German Measles o Tignas.

Lumalaganap na naman ang tigdas o German Measles.

Malubha ang epekto ng pagkakaroon ng tigdas sa mga adults at ganundin sa mga nagbubuntis na nasa maagang stage pa lamang dahil kung ang pagkakaroon ng impeksyon sanhi nito, ang isisilang na sanggol ay magkakaroon ng kapansanan sa bahagi ng katawan gaya ng sa mata o tenga pati na rin sa puso.

Ang mga ipinanganak na kalalakihan mula ikalawa ng Abril taong 1962 hanggang Abril 1, 1979 ay padadalhan ng abiso mula munisipiyo upang magpasuri para sa Tigdas at magpabakuna na rin laban nito.

Sa mga dayuhan na nakatira at nakarehistro sa lungsod ng Tochigi ay padadalhan rin ng abiso.

Tayo ay aktibong makibahagi dito sa pamamagitan ng pagpapasuri upang maiwasan ang impeksyon at paglaganap ng tigdas sa buong bansa.

#### 4. Para sa mga naapektuhan ng ika-19 na bagyo ng taon o Typhoon No.19

Maaring kumuha ng Sertipikasyon sa munisipiyo na kung tawagin ay “Risai Shoumeisho”. Ito ay Disaster Certificate na magpapatunay na napinsala an gang tinitirhan dulot ng bagyo at ang pagbabaha nito. Makakapag-apply ng dokumento na ito sa ikalawang palapag ng munisipyo sa Real Property Tax Section. Sa pagkakataong ito ang kawani ng munisipiyo ay magtatanong sa naging pinsala ng bagyo na inabot ng ating tahanan na dulot ng pagbaha. Kailangan din meron tayong dalang mga larawan na kuha resulta ng bagyo.

Pagkatapos nito, bibisitahin ng mga kawani ng munisipiyo an gating tirahan upang suriin nila mismo ang nasalanta nating bahay o tirahan. Ang susunod naman ay ang pagkuha ng parehong sertipikasyon para sa mga kasangkapan o kagamitan sa bahay kasama na rin ang ating mga sasakyan at iba pa. Ang tawag dito ay “Hisai Shomeisho”. Sa parehong lugar din ng munisipiyo pwedeng kumuha ng dokumento na ito. Kinakailangan din magdala ng mga larawan na kuha dulot ng bagyo sa ating mga kagamitan. Para sa mga sasakyan, kailangan din isama ang Plate Number nito sa pagkuha ng litrato.

Ang pagkuha ng Risai Shoumeisho at Hisai Shoumeisho sa weekdays ay magmula las otso ng umaga hanggang ala syete ng gabi at sa Sabado ,Linggo at Holidays naman ay mula alas nwebe ng umaga hanggang alas singko ng hapon.

Gayundin, ang mga bahay na nalubog sa baha ay sanhi ng paglaganap ng mikrobyo o molds o amag na may dalang panganib sa ating kalusugan kaya mabuting punasan ng basahan na nababad sa antiseptic solutions o disinfectants ang ating mga sahig o dingding at iba pang parte ang ating kabahayan.